Protokol sa Muling Pagbubukas para sa mga Hardin ng Komunidad

Kamakailang mga Pagbabago

12/2/20:

- Ang mga pantakip sa mukha ay dapat na isuot ng mga empleyado na nagtatrabaho sa mga kubiko, kabilang ang mga kubiko na nilagyan ng mga partisyon. Ito ay isang pansamantalang hakbang bilang pagtupad sa pansamantalang UTOS NG OPISYAL NG KALUSUGAN na inilabas noong Nobyembre 28, 2020. Ang pag-aatas (requirement) ay epektibo mula 12:01 AM (PST) sa Nobyembre 30, 2020 hanggang 11:59 PM (PST) sa Disyembre 20, 2020.
- Sa lahat ng oras kapag kumakain o umiinom, ang mga empleyado ay dapat na magpanatili ng 6 na talampakang distansya mula sa ibang mga tao at dapat na gawin ito pag nasa labas, kung maaari. Ang pagkain o pag-inom sa isang kubiko o puwesto ng trabaho ay mas mainam kaysa sa pagkain sa isang silid sa panandaliang pagpapahinga (breakroom).
- Ang pag-iskrin o pagsusuri ng mga bisita ay dapat na kabilangan ng pagtatanong kung ang bisita ay kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pagbubukod o pag-quarantine.

Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County (Public Health) ay nananawagan sa publiko, sa lahat ng mga may-ari ng negosyo at sa mga organisasyon sa komunidad na suportahan ang muling pagbubukas ng mga negosyo at mga pampublikong lugar. Sa aming sama-samang Mas Ligtas sa Tahanan na mga pagsusumikap, matagumpay nating napabagal ang bilang ng mga bagong kaso at pagkaka-ospital ng COVID-19, na nagpapahintulot para sa yugto-yugtong muling pagbubukas sa maraming aspeto ng regular na buhay.

Para tumulong sa pagbabago ng kalagayan na ito, ang Pampublikong Kalusugan ay hinihiling sa lahat ng mga opereytor ng mga hardin ng komunidad na gawin ang mga naaangkop na hakbang para magplano sa muling pagbubukas, na nakahanay sa Plano ng Pagpapagaling (Recovery Plan). Ang mga sumusunod na isyu ay kritikal at dapat na tugunan para masiguro na mabawasan ng mga manggagawa at mga manlalaro ang panganib ng pagkalat sa mga hardin ng komunidad:

(1) Pagprotekta at pagsuporta sa kalusugan ng empleyado at ng kustomer

(2) Pagsiguro sa naaangkop na pisikal na pagdistansya

(3) Pagsiguro sa wastong pagkontrol ng impeksyon

(4) Pakikipag-usap sa publiko

(5) Pagsiguro sa pantay-pantay na akses sa mga serbisyo

Ang mga ito ay kritikal at naisama na sa checklist na nasa ibaba at dapat na ipatupad bilang mga kinakailangan na protokol sa muling pagbubukas ng mga hardin ng komunidad.

Ang lahat ng mga Hardin ng Komunidad ay dapat na ipatupad ang lahat ng mga naaangkop na hakbang na nakalista sa ibaba at maging handa na ipaliwanag kung bakit ang anumang hakbang na hindi ipinatupad ay hindi naaangkop

Pangalan ng Hardin ng Komunidad:

Address ng Pasilidad:

A. MGA NIREREKOMENDANG PAGHIHIGPIT

- ☐ Ang mga pantakip ng mukha ay kailangan sa lahat ng oras. Ang mga bisita na dumarating sa hardin ay pinaaalalahanan na magsuot ng pantakip ng mukha sa lahat ng oras (maliban habang kumakain o umiinom, kung naaangkop) habang nasa establisyemento o sa nasasakupang lupa ng establisyemento. Ito ay nalalapat sa lahat ng mga adulto at sa mga bata na 2 taong gulang at mas matanda pa. Ang mga indibidwal lamang na inatasan ng kanilang medikal na tagapagbigay (medical provider) na huwag magsuot ng pantakip ng mukha ang hindi saklaw na magsuot nito. Para suportahan ang kaligtasan ng iyong mga empleyado at iba pang mga bisita, ang isang pantakip ng mukha ay dapat may magamit ng mga bisita na dumarating na wala nito.
- ☐ Ang mga pagsusuri sa síntomas ay isinasagawa bago ang mga bisita ay maaaring makapasok sa nasasakupang lupa. Ang mga pagsusuri ay dapat na kabilangan ng pagtatanong (check-in) tungkol sa ubo, pangangapos ng hininga, kahirapan sa paghinga at lagnat o panggiginaw, at kung ang indibidwal ay kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pagbubukod o pag-quarantine. Ang mga pagsusuring ito ay maaaring gawin nang personal o sa pamamagitan ng mga alternatibong pamamaraan tulad ng mga sistema ng on-line check in o sa pamamagitan ng karatula na nakapaskil sa pasukan ng pasilidad na nagsasaad na ang mga bisita na may mga síntomas na ito ay hindi dapat pumasok sa lugar.
- ☐ Pisikal na pagdistansya na anim (6) na talampakan ay kailangan sa lahat ng oras.
- ☐ Ang mga kaganapang boluntaryo, iba pang mga kaganapan, at mga klase ay hindi pinapayagan.
- ☐ Ang mga pagtitipon ng grupo ay hindi pinapayagan.
- ☐ Ang bilang ng mga kalahok sa hardin sa iisang oras ay hindi dapat magsanhi ng anumang pagsisikip at dapat na mapanatili ang 6 na talampakang distansya sa pagitan ng mga kalahok.
- ☐ Ang mga kalahok ay magdadala ng hand sanitizer o sanitizing wipes, o isang Ziplock na bag na may masabon na tubig at isang telang pamunas at maghugas ng kamay bago at pagkatapos na pumunta sa hardin.
- ☐ Ang mga guwantes ay kailangan habang isinasagawa ang paghahardin, kabilang habang naghahawak ng mga kasangkapan at kagamitan.
- ☐ Ang mga kalahok ay kinakailangan na tanggalin ang lahat ng mga personal na gamit at basura bago lisanin ang hardin.
- ☐ Ang mga pintuan, mga pasukan, at/o mga gate ay mananatiling bukas sa mga oras ng normal na operasyon.

Kung ang mga Empleyado o Kawani ay naroon sa lugar:

- ☐ Ang lahat ng mga empleyado ay sinabihan na huwag pumasok sa trabaho kung may sakit, o kung sila ay nalantad sa isang tao na mayroong COVID-19. Ang mga empleyado ay nakakaintindi na sumunod sa gabay ng DPH para sa pagbubukod ng sarili at quarantine, kung naaangkop. Ang mga patakaran sa bakasyon sa trabaho (workplace leave) ay sinuri at binago na upang masiguro na ang mga empleyado ay hindi napaparusahan kapag sila ay nanatili sa bahay dahil sa sakit.
- ☐ Ang mga manggagawa ay binibigyan ng impormasyon sa mga benepisyo ng bakasyon na itinaguyod ng amo/employer o gobyerno na maaaring makuha ng empleyado na gagawing

pinansyal na mas madali ang pananatili sa bahay. Tingnan ang karagdagang impormasyon sa mga programa ng gobyerno na sumusuporta sa bakasyon dahil sa pagkakasakit at kompensasyon ng manggagawa para sa COVID19, kabilang ang mga karapatan ng empleyado sa mga bakasyon dahil sa pagkakasakit sa ilalim ng Families First Coronavirus Response Act at mga karapatan ng empleyado sa mga benepisyong kompensasyon ng manggagawa at pagpapalagay ng pagiging may kaugnayan sa trabaho ng COVID-19 alinsunod sa Executive Order N-62-20 ng Gobernador.

- Sa oras na napagbigay-alam na ang isa o higit pang mga empleyado ay nasuring positibo para sa, o may mga sintomas ng COVID-19 (kaso), ang amo o employer ay may plano o protokol na isasaayos upang ang (mga) kaso ay maibukod ang kanilang mga sarili sa bahay at nanganggailangan ng agarang ng pag-quarantine sa sarili (self-quarantine) ang lahat ng mga empleyado na nagkaroon ng pagkakalantad sa (mga) kaso sa lugar ng pagtatrabaho. Ang plano ng amo o employer ay dapat na isaalang-alang ang isang protokol para sa lahat ng mga empleyado na na-quarantine na magkaroon ng akses sa o masuri para sa COVID-19 nang sa gayon ay matukoy kung mayroon pang karagdagang mga pagkakalantad sa lugar ng pagtatrabaho, na maaaring kailanganin ng karagdagang mga hakbang sa pagkontrol ng COVID-19. Tingnan ang gabay ng pampublikong kalusugan sa pagtugon sa COVID-19 sa lugar ng trabaho
- Ang mga pag-iiskrin o pagsusuri ay isinagawa bago maaaring pumasok sa espasyo ng trabaho ang mga empleyado. Kasama sa pagsusuri ay ang berbal na pagtatanong (check-in) tungkol sa ubo, pangangapos ng hininga, kahirapan sa paghinga at lagnat o panggiginaw, at kung ang empleyado ay nagkaroon ng pakikisalamuha o kontak sa isang tao na nahawaan ng COVID-19 sa huling 14 na araw. Ang mga pagsusuring ito ay maaaring gawin nang malayuan (remotely) o personal sa pagdating ng empleyado. Isang pagsusuri sa temperatura ay dapat din gawin sa lugar ng trabaho kung magagawa.
- Sa kaganapan na 3 o higit pang mga kaso ay natukoy sa loob ng lugar ng trabaho sa tagal na 14 na araw, ang amo o employer ay dapat na iulat ang pagkalat na ito sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan sa (888) 397-3993 o (213) 240-7821. Kung ang isang kumpol ay kinilala sa lugar ng trabaho, ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ay pasisimulan ang isang pagtugon sa kumpol na kinabibilangan ng pagkakaloob ng gabay at rekomendasyon sa pagkontrol ng impeksyon, suportang teknikal at partikular sa lugar na mga hakbang sa pagkontrol. Isang tagapamahala sa kaso ng pampublikong kalusugan ay itatalaga sa imbestigasyon ng kumpol upang tulungan ang pagtugon ng pasilidad.

- Ang mga empleyado na may pakikisalamuha o kontak sa ibang mga tao ay inaalok, nang walang gagastusin, ng isang naaangkop na pantakip ng mukha na tumatakip sa ilong at bibig. Ang pantakip ay dapat na isuot ng empleyado sa lahat ng oras sa araw ng trabaho kapag nakikisalamuha o malamang na makisalamuha sa ibang mga tao. Ang mga empleyado na inutusan ng kanilang medikal na tagapagbigay (medical provider) na hindi sila dapat magsuot ng isang pantakip ng mukha ay dapat na magsuot ng panangga ng mukha (face shield) na may maluwag na tela (drape) sa ibabang dulo, para sumunod sa mga direktiba ng Estado, hangga't ang kanilang kondisyon ay pinahihintulutan ito. Isang maluwag na tela na akma sa ilalim ng baba ay mas mainam. Ang mga maskara (mask) na may mga one-way valve ay hindi dapat gamitin. Ang mga empleyado ay hindi kailangan magsuot ng isang pantakip ng mukha kapag ang empleyado ay mag-isa sa isang pribadong opisina o kubiko na may solidong partisyon o panghiwalay na lagpas sa taas ng empleyado kapag nakatayo.

- Ang mga pantakip sa mukha ay dapat na isuot ng mga empleyado na nagtatrabaho sa mga kubiko, kabilang ang mga kubiko na nilagyan ng mga partisyon. Ito ay isang pansamantalang hakbang bilang

pagtupad sa pansamantalang UTOS NG OPISYAL NG KALUSUGAN na inilabas noong Nobyembre 28, 2020. Ang pag-aatas (requirement) ay epektibo mula 12:01 AM (PST) sa Nobyembre 30, 2020 hanggang 11:59 PM (PST) sa Disyembre 20, 2020.

- Para matiyak na ang mga maskara (masks) ay isinusuot nang tuloy-tuloy at tama, hindi hinihikayat ang mga empleyado na kumain o uminom maliban sa mga oras ng panandaliang pahinga (breaks) kapag nagagawa na nilang tanggalin nang ligtas ang kanilang mga maskara at pisikal na dumistansya mula sa ibang mga tao. Sa lahat ng oras kapag kumakain o umiinom, dapat na magpanatili ang mga empleyado ng hindi bababa sa anim na talampakang distansya mula sa ibang mga tao. Kapag kumakain o umiinom, mas mainam na gawin ito sa labas at malayo sa ibang mga tao, kung maaari. Ang pagkain o pag-inom sa isang kubiko o puwesto ng trabaho ay mas mainam kaysa sa pagkain sa isang silid sa panandaliang pagpapahinga (breakroom).
- Ang mga empleyado ay inaatasan na labhan o palitan araw-araw ang kanilang mga pantakip sa mukha (face covering).
- Ang mga empleyado ay pinaaalalahanan na sumunod sa mga personal na pag-iiwas kabilang ang:
  - Manatili sa bahay kapag ikaw ay may sakit.
    - Manatili sa bahay nang hindi bababa sa 24 na oras pagkatapos na gumaling, na nangangahulugan na ang iyong lagnat ay gumaling na nang hindi gumagamit ng mga medikasyon/gamot na nakapagpapababa ng lagnat at mayroon ng pagbuti sa iyong mga sintomas (hal., ubo, pangangapos ng hininga) AT hindi bababa sa 10 araw na ang nakalipas mula noong unang lumabas ang iyong mga sintomas.
    - Kung ikaw ay positibong nasuri para sa COVID-19 ngunit hindi kailanman nagkaroon ng anumang mga sintomas, dapat kang manatili sa bahay hanggang:
      - 10 araw pagkatapos ng petsa ng unang positibong pagsusuri (first positive test), ngunit
      - Kung ikaw ay magkakaroon ng mga sintomas, kailangan mong sundin ang mga tagubilin sa itaas.
  - Hugasan nang madalas ang iyong mga kamay gamit ang sabon at tubig nang hindi bababa sa 20 segundo. Kung walang magamit na sabon at tubig, gumamit ng nakabatay sa alkohol na hand sanitizer na naglalaman ng hindi bababa sa 60% alkohol. Hugasan ang iyong mga kamay bago kumain, pagkatapos na gamitin ang banyo at pagkatapos na umubo at bumahin.
  - Takpan ang iyong pag-ubo at pagbahing gamit ang isang tisyu, at pagkatapos ay itapon ang tisyu at agad na hugasan ang iyong mga kamay. Kung wala kang tisyu, gamitin ang iyong siko (hindi ang mga kamay mo).
  - Huwag hahawakan ang iyong bibig, mga mata at ilong gamit ang hindi nahugasang mga kamay.
  - Iwasan ang pakikisalamuha sa mga taong may sakit.
  - Iwasan ang pakikipagsalo sa mga gamit na tulad ng mga telepono o iba pang mga aparato. Kung ang mga aparato ay dapat na pagsaluhan, siguruhin na punasan sila gamit ang isang pandisimpektang pamunas bago at pagkatapos ng pagsasalo.
  - Palaging obserbahan ang iyong distansya sa trabaho na may kaugnayan sa iba pang kawani. Palaging panatilihin ang nirerekomendang 6 na talampakang layo mula sa ibang mga tao maliban kung ang partikular na mga itinalagang trabaho ay nangangailangan ng mas kaunting distansya at magsuot ng isang telang pantakip sa mukha kapag nagtatrabaho malapit sa ibang mga tao o kasama ang ibang mga tao.
  - Idisimpekta ang mga madalas na nahahawakang bagay at ibabaw tulad ng mga istasyon ng trabaho, mga keyboard, mga telepono, mga handrail, mga makinarya, mga pinagsasaluhang

aparato, at mga hawakan ng pinto. Dapat ito ay gawin oras-oras sa mga oras ng trabaho.

- Ang mga kopya ng Protokol na ito ay naipamahagi na sa lahat ng mga empleyado.

B. PAGPAPANATILI NG MGA PROTOKOL

- Ang mga pagtitipon ng grupo ay ipinagbabawal, at ang mga upuan at mesa ay tinatanggal o hinaharangan dahil ang mga ito ay hindi maaaring gamitin.
- Ang mga bagay o item na karaniwang ginagamit ay regular na nililinis o sina-sanitize.
- Ang mga kagamitan na karaniwang ginagamit ay nililinis o sina-sanitize bago at pagkatapos gamitin.
- Ang mga kalahok ay nagdadala ng kanilang sariling mga kasangkapan hangga't maaari upang maiwasan ang paggamit ng mga kasangkapan ng komunidad.
- Ang mga tubigan (water fountains) ay magagamit para punuin lamang ang mga bote ng tubig.

C. PAGSUBAYBAY SA MGA PROTOKOL

- Ang pang-instruksyon at pang-impormasyon na karatula o signage ay dapat na ipaskil sa kabuuan ng pasilidad na tungkol sa pagkontrol ng impeksyon, pisikal na pagdistansya, at ang paggamit ng mga pantakip sa mukha (face coverings).
- Ang operator ng Pasilidad ay magsasagawa ng mga pana-panahong pagbisita upang masubaybayan kung ang mga hardinero ay sumusunod sa mga paghihigpit
- Ang mga hardinero ay paaalisin kung hindi sumusunod sa mga paghihigpit na ito.

Ang anumang mga karagdagang hakbang na hindi kasama sa itaas ay dapat na nakalista sa hiwalay na mga pahina, na dapat ilakip ng negosyo sa dokumentong ito.

Maaari kang makipag-ugnayan sa sumusunod na tao para sa anumang mga katanungan o komento tungkol sa protokol na ito:

Pakikipag-ugnayang Pangalan ng Hardin ng Komunidad: _____ **Numero ng telepono:** _____

Petsang Huling Nirebisa: _____